# Ang Salita ay Namumunga



## WARM-UP

- Naranasan mo na bang mag-alaga ng isang halaman? Kumusta ang naging karanasan mo?
- Kapag nakakaranas ka ng paghihirap o balakid sa iyong daan, paano ka tumutugon? Balikan ang isang pangyayaring magpapaliwanag nito.
- Magkuwento ng isang pagkakataon na pakiramdam mo ay naligaw ka ng landas. Paano ka nakabalik sa tamang daan?

## WORD

4 *"Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi makakapamunga ang isang sanga malibang nakakabit ito sa puno. Ganoon din naman, hindi kayo makakapamunga kung hindi kayo mananatili sa akin.*
5 *Ako ang puno ng ubas, at kayo ang aking mga sanga. Ang taong nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay mamumunga nang marami. Sapagkat wala kayong magagawa kung hiwalay kayo sa akin."* **JUAN 15:4–5**

(Basahin din ang **JUAN 15:1–11.**)

Inilarawan ni Jesus ang Kanyang sarili bilang ang tunay na puno ng ubas, at ang Diyos Ama bilang ang tagapag-alaga. Tungkulin ng tagapag-alaga na pangalagaan ang puno ng ubas upang ito ay lumago at mamunga. Sa paglalarawang ito, ang mga tagasunod ni Jesus ang mga sanga sa puno ng ubas. Pinangangalagaan ng Diyos Ama ang puno ng ubas at ipinapakita Niya ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pag-aalaga sa mga nananatili kay Jesus. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang mga katotohanang nabanggit.

## 1 Si Jesus ang tunay na puno ng ubas.

*"Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga."* **JUAN 15:1**

Ang mga sanga ay kumukuha ng sustansya mula sa puno ng ubas upang ang mga ito ay mabuhay at lumago. Sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang sarili bilang ang tunay na puno ng ubas, tinukoy ni Jesus na Siya ang tanging mapagkukunan natin ng ating mga kinakailangan upang mabuhay at lumago. Naranasan mo na bang umasa sa isang huwad o pekeng pinagkukunan ng mga kailangan mo para mabuhay at lumago? Ano ang nangyari? Paano ka tumugon?

## 2 Namumunga tayo kapag tayo ay nananatili kay Jesus.

*"Ako ang puno ng ubas, at kayo ang aking mga sanga. Ang taong nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay mamumunga nang marami. Sapagkat wala kayong magagawa kung hiwalay kayo sa akin."* **JUAN 15:5**

Tayo ay nagkakaroon lamang ng bunga kapag tayo ay nananatili kay Jesus. Ang pananatili kay Jesus ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanya, pag-alam ng Kanyang salita, at patuloy na pagkilos nang ayon sa Kanyang salita. Ang pagiging mabunga ay resulta ng ating ugnayan kay Jesus. Kung mas pagtutuunan natin ng pansin ang pagkakaroon ng bunga kaysa sa pananatili kay Cristo, ano sa palagay mo ang mangyayari? Bakit?

## 3 Kapag nananatili tayo kay Jesus, nararanasan natin ang lubos na kagalakan.

*[9]"Mahal ko kayo gaya ng pagmamahal sa akin ng Ama. Manatili kayo sa aking pag-ibig. [10]Kung sinusunod ninyo ang mga utos ko, mananatili ang pag-ibig ko sa inyo. Katulad ko, sinusunod ko ang utos ng aking Ama, kaya nananatili ang kanyang pag-ibig sa akin. [11]Sinabi ko sa inyo ang bagay na ito para magalak kayo katulad ko at malubos din ang inyong kagalakan."* **JUAN 15:9–11**

Sinasabi ni Jesus na mahal Niya tayo gaya ng pagmamahal ng ating Diyos Ama sa Kanya. Pinangangalagaan Niya tayo at nais Niyang maranasan natin ang lubos na kagalakan sa Kanya. Kung tayo ay nananatili kay Jesus, tayo ay nagiging mabunga, nakakapagbigay ng karangalan sa Diyos, at nakakaranas ng Kanyang lubos na kagalakan sa ating mga buhay. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng Kanyang lubos na kagalakan sa buhay mo? Para sa iyo, paano ito nakikita?

## APPLICATION

- Ano ang naging karanasan mo tungkol sa pagiging tunay na puno ng ubas ni Jesus (Juan 15:1)? Paano lalago ang ugnayan mo sa Kanya araw-araw?
- Kapag ikaw ay patuloy na mananatili kay Jesus, ano ang mga bunga na makikita mo sa buhay mo? Paano mo magagamit ang kaalamang ito upang patuloy na manatili sa Kanya?
- Ang pananatili kay Jesus ay nagbubunga ng pamumunga at pagbibigay ng karangalan sa Diyos. Paano mo maibabahagi ang katotohanang ito sa iyong mga kaibigan at kapamilya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pangangalaga Niya sa atin bilang tagapag-alaga ng ubasan, at sa pagmamahal na ibinubuhos Niya sa Kanyang Anak na si Jesus, at sa ating buhay.
- Ipanalangin na patuloy kang mananatili kay Jesus. Hingin sa Kanya na palakasin ka sa pananalangin at pananatili sa Kanyang salita.
- Sa patuloy mong pananalangin kay Jesus, hingin sa Diyos na magkaroon ka ng mas marami pang pagkakataon upang maibahagi mo ngayong linggo ang Kanyang kaligayahan sa iyong pamilya at mga kaibigan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph